

Ang Iyong mga Karapatan sa Ilalim ng Batas ng Proteksyon sa Trabaho para sa sa mga Dayuhang Mamamayan (Employment Protection for Foreign Nationals Act), 2009

Pagtatatuwa: Ang mapagkukunang impormasyon na ito ay inihanda upang tulungan ka na maunawaan ang ilan sa mga pinakamababang karapatan at obligasyon na naitatag sa ilalim ng Batas ng Proteksyon sa Trabaho para sa mga Dayuhang Mamamayan (Employment Protection for Foreign Nationals Act, EPFNA), 2009 at mga regulasyon. Hindi ito legal na payo. Hindi nito layunin na palitan ang EPFNA o mga regulasyon at dapat na laging sumangguni sa opisyal na bersyon ng batas. Bagama't pinagsisikapan naming siguruhin na ang impormasyon sa mapagkukunan na ito ay napapanahon at tama hangga't maaari, may mga pagkakamali na paminsan-minsan nangyayari. Kung kinakailangan mo ng tulong kaugnay sa interpretasyon ng batas at mga potensyal na gamit nito sa mga tukoy na pagkakataon, mangyaring makipag-ugnayan sa iyong legal na tagapagpayo.

Ang [Batas ng Proteksyon sa Trabaho para sa mga Dayuhang Mamamayan \(Employment Protection for Foreign Nationals Act, EPFNA\), 2009](#) ay sumasaklaw sa mga dayuhang mamamayan na nagtatrabaho o naghahanap ng trabaho sa Ontario, alinsunod sa programang imigrasyon o pansamantalang empleyadong dayuhan. Halimbawa, kung ikaw ay nagtatrabaho o naghahanap ng trabaho sa Ontario sa pamamagitan ng pederal na Programang Pansamantalang Dayuhang Manggagawa, ang EPFNA ay malamang na naaangkop sa iyo.

Ang pilyegas ng impormasyon na ito ay magbibigay ng buod ng iyong mga karapatan sa ilalim ng EPFNA. Bilang isang dayuhang mamamayan na nagtatrabaho sa Ontario, karaniwang may karapatan ka rin sa ilalim ng [Batas ng mga Pamantayan sa Trabaho \(Employment Standards Act, ESA\), 2000](#). Sinasaklaw sa ESA ang mga pamantayan gaya ng pinakamababang sweldo at limitasyon ng mga oras ng trabaho. Ang mge empleyado na nasasaklaw sa ilalim ng EPFNA ay may karapatan na makatanggap ng pilyegas ng impormasyon tungkol sa mga karapatan sa ilalim ng ESA kasama ng dokumentong ito.

Ibang mga wika

Kung ang iyong pangunahing wika ay hindi Ingles, kailangan na alamin ng iyong employer o recruiter kung ang pilyegas ng impormasyon ay makukuha sa Ministeryo ng Gawa (Ministry of Labour) sa iyong pangunahing wika at, kung oo, ibigay rin sa iyo ang bersyong naisalin sa wikang. Para sa dagdag na impormasyon, mangyaring bumisita sa Ontario.ca/EPFNA.

Hindi ka maaaring singilin nga recruiter ng anumang bayad

Ang isang recruiter ay sinuman na makahanap o subukang humanap ng trabaho para sa iyo, tumulong sa ibang tao na humanap ng tranaho para sa iyo, o isangguni ka kaninuman upang tulungan kang humanap ng trabaho sa Ontario. Hindi ka maaaring singilin ng recruiter ng anumang bayad para sa anumang serbisyo, kalakal o serbisyong ibinigay para sa iyo. Halimbawa, hindi ka niya maaaring singilin ng bayad para sa pagkuha ng trabaho, para sa iyong Pagtatasa sa Epekto sa Merkado ng Gawa (Labour Market Impact Assessment, LMIA) o anupamang kinakailangan sa iyo upang magsimulang magtrabaho sa Ontario. Hindi ka maaaring singilin ng bayad para sa mga dagdag na serbisyo gaya ng oryentasyon, pagsusulat ng resume, paghahanda sa panayam, o mga sesyon ng pagsasanay para sa Unang Lunas (First Aid) kahit na ang mga ito ay opsyonal. Dagdag pa, walang tao na nagtatrabaho para sa recruiter ang maaaring mangolekta ng anumang mga bayad mula sa iyo.

Hindi ka maaaring singilin ng iyong employer para sa mga nagastos sa pagkuha sa iyo sa trabaho (nang may ilang limitadong pagkalibre)

Sa madaling salita, kung ang iyong employer ay nagbayad o nagkaroon ng ibang mga gastos sa pagkuha sa iyo, hindi niya maaaring isingil ang ang gastos na ito sa iyo at hindi niya ito maaaring ibawas sa mga sweldo mo. Kasama sa mga gastos na ito ang para sa lahat ng parehong gastos kaugnay sa trabaho at mga bayad na ipinagbabawal na isingil sa iyo ng iyong recruiter, gaya ng para sa iyong LMIA. Subali't, kung ikaw ay nagtatrabaho sa ilalim ng Programa ng Panapanahong Manggagawang Pang-saka ("Seasonal Agricultural Worker Program", SAWP), Maaaring ibawas ng iyong employer ang mga gastos para sa pamasahe sa eroplano at mga gastos sa permit sa pagtatrabaho kung ang mga pagbabawas na ito ay pinapayagan sa ilalim ng kontrata sa pagtatrabaho ng SAWP.

Hindi maaaring kunin ng iyong recruiter o employer ang iyong mga ari-arian

Hindi maaaring kunin o panghawakan ng iyong recruiter, employer, o taong kumakatawan sa kanila ang iyong mga ari-arian para sa anumang dahilan. Kabilang dito ang iyong mga dokumento gaya ng pasaporte o permit sa trabaho.

Hindi ka maaaring sumang-ayon na isuko ang iyong mga karapatan

Hindi ka maaaring sumang-ayon o pumirma ng kontrata upang isuko ang iyong mga karapatan sa ilalim ng EPFNA sa iyong recruiter, employer, o sinumang kumakatawan sa kanila para sa iyong recruiter o employer. Anumang ganitong kasunduan ay walang bisa. Halimbawa, kung ikaw ay pumirma ng kontrata na magpapahintulot sa recruiter na singilin ka para sa bayad sa pagrerecruit, ang kasunduan na ito ay walang bisa.

Hindi ka maaaring maparusahan sa pagtatanong tungkol sa o paggamit ng iyong mga karapatan.

Kung nagtanong ka tungkol sa iyong mga karapatan sa ilalim ng ESA o EPFNA o hilingin na maibigay ang iyong mga karapatan, ang iyong recruiter, employer, o sinumang kumakatawan para

sa iyong recruiter o employer ay hindi ka maaaring parusahan sa anumang paraan, kasama na ang pagtanggap sa iyo sa trabaho. May karapatan ka rin na hindi maparusahan ng iyong recruiter, employer, o sinumang kumakatawan sa kanila, sa pagtatanong tungkol sa paggamit ng iyong mga karapatang ESA o EPFNA .

Kung mayroon kang tanong o nais mong magsampa ng habol

Kung mayroon kang mga katanungan tungkol sa EPFNA, mangyaring bumisita sa Ontario.ca/EPFNA o makipag-ugnayan sa Sentro ng Impormasyon sa mga Pamantayan sa Trabaho (Employment Standards Information Centre) sa (416) 326-7160 (libreng tawag sa 1-800-531-5551), o TTY para sa mga may kapansanan sa pandinig sa 1-866-567-8893. Ang impormasyon ay makukuha sa iba't ibang wika.

Kung naniniwala ka na hindi mo natanggap ang iyong mga karapatan sa ilalim ng EPFNA at nais na magsampa ng habol sa Ministeryo ng Gawa, maaari mo itong gawin sa Ontario.ca/EPFNA. Maaari ka ring makakuha ng isang Form ng Habol sa EPFNA (EPFNA Claim Form) sa pamamagitan ng mga Paglalathala ng ServiceOntario (ServiceOntario Publications) online o sa pagtawag sa 1-800-668-9938 (o TTY sa 1-800-268-7095).

Mayroon kang tatlo at kalahating taon upang magsampa ng habol para sa iyong mga karapatan sa ilalim ng EPFNA. Walang limitasyon sa kung gaano karaming pera ang maaaring mabawi kung isang kautusan ang inilabas sa ilalim ng EPFNA.

Mangyaring tandaan na ang magkaibang limitasyon ng panahon ay ginagamit sa mga habol na isinampa sa ilalim ng ESA at ng EPFNA. **Magkahiwalay na mga form ang ginagamit sa pagsampa ng mga habol sa ilalim ng ESA at ng EPFNA.**

Para sa impormasyon tungkol sa mga karapatan sa ilalim ng ESA at tungkol sa pagsampa ng habol sa ilalim ng ESA, mangyaring bisitahin ang [Ang Iyong Gabay sa Batas ng mga Pamantayan sa Trabaho, 2000 \(Your Guide to the Employment Standards Act, 2000\)](#) na makikita sa Ontario.ca/ESAGuide.